RECORDS FILES

DEPARTMENT OF EDUCATION
DIVISION OF ZAMBO. DEL NORTE
DIPOLOG CITY 7100
RELEASED
BY: ______ DATE: 17 MAY 2016
NAME / SIGNATURE

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod Dipolog

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 171, serye 2016

Sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Mababa at Mataas na Paaralan
Guro sa Filipino

Mula kay: **NATIVIDAD P. BAYUBAY**, CESO VI
Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa: **BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2016**

Petsa: Mayo 17, 2016

1. Alinsunod sa Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1947 at Memorandum Pangkagawaran Blg. 24, s. 2016, sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino, ang Sangay Ng Zamboanga del Norte ay makiisa sa pagdiriwang ng buwan Ng wikang Pambansa 2016. Ang tema ng pagdidiriwang sa taong ito ay **Filipino: Wika ng Karunungan.**

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito sa nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
c.maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga Gawain kaugnay ng Buwan ng Wika.

3. Tinatawag ang pansin sa talata bilang tatlo ng Memorandum Pangkagawaran Blg. 24, s. 2016 na pinagtangi-tangi ang mga lingguhang tema na papatnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng gawaing bubuuin at isasagawa sa isang buwang pagdiriwang. Ang Filipino koordineytor ng bawat paaralan ay maging katuwang ng punungguro sa pamamahala ng mga gawain sa pagdiriwang na ito.

4. Magkasabay na isasagawa ang **Pampaaralang paligsahan** para sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2016 ng Antas Elementarya at Sekundarya sa Agosto 26, 2016 (Biyernes) *shorten period* ang mga klase upang lahat na asignatura ay maituro sa araw na iyon. Wala ng

pandistrito, pangkongresyunal at pansangay na paligsahan hinggil sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika.

5. Higit na ipinapaala ang pagbibigay-diin sa patakarang *"Instituting Measures To Increase Engaged Time-On-Task And Ensuring Compliance Therewith"* ng *DepEd Order No.*9, s. 2005.

6. Kalakip ng Memorandum na ito ang mga gawain/katergorya at piyesa ng paligsahan.

7. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.